Mensahe Lima

## Ang Diyos bilang Ating Soberanong Magpapalayok Ginagawa Tayong Kanyang mga Sisidlan, ang Kanyang mga Lalagyan, upang Isilid Siya

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 18:1-10; Isa. 64:8; Roma 9:15-16, 19-23;
Gawa 9:15; 2 Cor. 4:6-7

**I. Ang Diyos bilang ating soberanong Magpapalayok ay may lubos na karapatan sa atin bilang Kanyang palayok; napakahalaga na makita natin ang isang pangitain ng pagkasoberano ng Diyos—Jer. 18:1-10; Isa. 64:8; Dan. 4:3, 34-35; Roma 9:19-23:**

A. Ang pagkasoberano ay tumutukoy sa di-nalilimitahang awtoridad, kapangyarihan, at posisyon—Apoc. 4:11; 5:13:

1. Bilang ang soberanong Isa, ang Diyos ay nasa ibabaw ng lahat, nasa likod ng lahat, at nasa loob ng lahat—1 Hari 22:19.
2. Taglay ng Diyos ang buong kapasidad na isagawa kung ano ang ibigin Niya ayon sa naisin ng Kanyang puso at ayon sa Kanyang walang hanggang ekonomiya—Dan. 4:34-35; Efe. 1:4-5, 9-11.

B. Tinitukoy ng Roma 9:19-23 ang pagkasoberano ng Diyos:

1. "Sino ang sumasalansang sa Kanyang layon? Ngunit, O tao, sino kang sumasagot nang laban sa Diyos? Sasabihin ba ng bagay na ginawa roon sa gumawa sa kanya, Bakit mo ako ginawang ganito?"—bb. 19b-20:
   a. Kailangan nating matanto kung sino tayo; tayo ay mga nilalang ng Diyos, at Siya ang ating Manlilikha—Isa. 42:5.
   b. Bilang Kanyang mga nilalang, hindi tayo dapat manlaban sa Kanyang layunin o sumagot nang laban sa Kanya, ang Manlilikha—Roma 9:20
2. "Wala bang awtoridad ang magpapalayok sa luwad upang gawin mula sa isang limpak ang isang sisidlan sa ikapupuri at ang isa ay sa ikahihiya?"—b. 21:
   a. Ang Diyos ay ang ating Magpapalayok, at tayo ang luwad sa Kanyang kamay; ang Diyos, ang ating Magpapalayok, ay soberano—Jer. 18:1-6; Isa. 64:8.
   b. Bilang ang ating Magpapalayok, ang Diyos ay may lubos na karapatan sa atin; patungkol sa atin, may karapatan Siyang gawin anuman ang Kanyang naisin; kung loloobin ng Diyos, maaari Niyang gawin ang isang sisidlan sa ikapupuri at ang isa sa ikahihiya—Jer. 18:6; Isa. 29:16; 64:8; Rom. 9:21.

C. Ang pagkasoberano ng Diyos ay ang batayan ng Kanyang pagpili; ang Kanyang pagpili ay nakadepende sa Kanyang pagkasoberano—bb. 11, 18; 11:5; 28.

**II. Ang Diyos bilang ang ating Magpapalayok ay soberanong nilikha tayo upang maging Kanyang mga sisidlan, ang Kanyang mga lalagyan, upang isilid ang Kanyang sarili ayon sa Kanyang paunang pagtatalaga—2 Cor. 4:6-7; Efe. 4:6; 3:19b; Fil. 2:13; Heb. 13:20-21; 1 Tim. 3:16; 2 Tim. 2:20-21; Efe. 1:5, 11:**

A. Ang layunin ng Diyos sa paglikha sa tao ay ang gawin ang tao na Kanyang sisidlan, ang Kanyang panlupang lalagyan, upang magsilid at mapunuan ni Kristo bilang buhay para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo bilang ang dakilang sama-samang sisidlan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Gen. 2:7; Gawa 9:15; Roma 9:21, 23; 2 Cor. 4:7.

B. Ang pangunahing pagtuturo ng buong Kasulatan ay ganito lamang: ang Diyos ay ang mismong nilalaman, at tayo ay mga lalagyan na ginawa upang tanggapin ang nilalaman; dapat tayong masidlan ng Diyos at mapunuan ng Diyos upang tayo ay maging mga sisidlan sa ikapupuri, pinabanal, kapaki-pakinabang sa may-ari, nahahanda sa lahat ng mabuting gawa—2 Tim. 2:20-21.

C. Kung hindi tayo masisidlan ng Diyos at hindi natin alam ang Diyos bilang ating nilalaman, tayo ay isang walang saysay na pagsalungat—Ecl. 1:2-3, 14.

D. Lahat ng labing-apat na Liham ni Pablo ay maaaring ibuod sa dalawang salita —*sisidlang bukás*:

1. Ang antas na maipamamahagi ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa atin ay nakadepende sa antas ng ating pagiging bukás; nais lamang ng Diyos na ibigin natin Siya at panatilihin ang ating mga sarili na bukás sa Kanya—2 Hari 4:1-7; Matt. 5:3; Juan 1:16; Isa. 57:15; 66:1-2.
2. Ang pagbaba ay nagsisimula sa pagiging kampante sa sarili; ang pagsulong ay nagsisimula sa kagutuman at kauhawan—Deut. 4:25; Luc. 1:53; Fil. 1:25; Apoc. 3:16-18.

**III. Sa Kanyang pagkasoberano ang Diyos bilang ating Magpapalayok ay may awtoridad upang gawin ang Kanyang mga pinili at tinawag na maging mga sisidlan ng awa sa ikapupuri at kaluwalhatian—Roma 9:11, 18, 21-24:**

A. Pinili tayo ng Diyos ayon sa Kanyang soberanong awa; ang awa ng Diyos ay may pinakamalayong naaabot sa mga kagalingan ng Diyos, inililigtas tayo mula sa ating abâng katayuan tungo sa isang kalagayang akma para sa Kanyang biyaya at pag-ibig—Efe. 2:1-4; Heb. 4:16; Mat. 5:7; 7:1; 9:13:

1. Ayon sa ating natural na kalagayan, tayo ay malayong-malayo sa Diyos, lubhang hindi karapat-dapat sa Kanyang biyaya; tayo ay nararapat tumanggap lamang ng Kanyang awa—Efe. 2:4.
2. Ang pagsuway ng tao ay nagbigay ng pagkakataon sa awa ng Diyos, at dinadala ng awa ng Diyos ang tao tungo sa kaligtasan—Roma 11:32.
3. Nilikha tayo upang maging mga sisidlan ng awa upang maisilid si Kristo bilang Diyos ng awa—9:11-13, 16, 20-21, 23; Pan. 3:21-24; Luc. 1:78-79.
4. Dahil sa awa ng Diyos, tumugon tayo sa ebanghelyo nang hindi tumugon ang iba, tumanggap tayo sa isang salita tungkol kay Kristo bilang buhay nang tumanggi ang iba na tanggapin ito, at tinahak natin ang daan ng pagbabawi ng Panginoon nang umatras ang iba sa pagtahak sa daang ito—*Mga Himno,* #296, saknong 3.

B. "'Ako ay maaawa sa Aking kaaawaan….Kaya nga, hindi sa may ibig, ni hindi sa tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa"—Roma 9:15a, 16:

1. Ang ating konsepto ay yaong ang isa na may ibig ay makakamtan kung ano ang naisin niyang matamo at yaong isa na tumatakbo ay makakamtan kung ano ang kanyang hinahabol—b. 16:
    a. Kung magkagayon, ang pagpili ng Diyos ay magiging ayon sa ating pagsisikap at pagpapagal.
    b. Sa kabaligtaran, ang pagpili ng Diyos ay sa Diyos na naaawa; hindi natin kailangang magnais o tumakbo, sapagkat ang Diyos ang naawa sa atin.

c. Kung nalalaman natin ang awa ng Diyos, hindi tayo magtitiwala sa ating pagsisikap ni madidismaya sa ating mga kabiguan; ang pag-asa para sa ating abâng kalagayan ay nasa awa ng Diyos—Efe. 2:4.

2. Kung maglilingkod tayo sa Diyos sa Kanyang Bagong Tipang ekonomiya, kailangan nating malaman na ito ay lubusang isang bagay ng soberanong awa ng Diyos—Roma 9:15-16; Heb. 4:16:

   a. Kung nalalaman natin ang pagkasoberano ng Diyos, pasasalamatan natin Siya para sa Kanyang awa, natatanto na tayo ay nasa ilalim ng Kanyang soberanong awa—Roma 9:15.

   b. Ang kahayagang *soberanong awa* ay nangangahulugan na ang awa ng Diyos ay lubusang isang bagay ng pagkasoberano ng Diyos; ang pagiging sisidlan ng awa ay hindi resulta ng ating pagpili; ito ay nagmula sa pagkasoberano ng Diyos—b. 18.

   c. Ang masasabi lamang natin upang ipaliwanag ang awa ng Diyos sa atin ay yaong sa Kanyang pagkasoberano ay pinili Niyang maging maawain sa atin—bb. 15-16, 23.

3. Sa soberanong awa ng Diyos ang ating mga puso ay kumiling patungo sa Kanya; dahil sa Kanyang awa sa atin, naghahanap tayo sa Kanya araw-araw—Jer. 29:12-13; Deut. 4:29; Isa. 55:6; Awit 27:8; 105:4; 119:2; Heb. 11:6.

4. Lalo nating nakikita na ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa atin ay isang bagay ng awa ng Diyos, lalo nating papasanin ang ating responsabilidad sa harapan ng Panginoon; gayunpaman, maging ang ating pagkukusa na pasanin ang responsabilidad ay sa awa ng Diyos.

5. Hinggil sa Kanyang pagbabawi, kaaawaan ng Diyos ang sinumang Kanyang kaaawaan.

C. Inihahayag ng Roma 9 ang prinsipyo na ang lahat ng bagay ay nakadepende sa awa ng Diyos—bb. 15-16:

1. Iniaplay ni apostol Pablo ang prinsipyong ito sa mga Israelita, ipinakikita sa atin na ang lahat ng bagay na nangyari sa kanila ay sa awa ng Diyos—bb. 16, 23.

2. Dapat kahit minsan ay nakita natin ang awa ng Diyos at tiyak na nahipo ang Kanyang awa—Efe. 2:4; Mat. 9:13:

   a. Hinggil sa bagay na ito, kailangang mabuksan ang ating mga mata kahit minsan; dapat ay may isang pagkakataon na nakita natin na ang lahat ng bagay ay nakadepende sa awa ng Diyos.

   b. Nakita man natin ito nang minsan o natanto ito sa pamamagitan ng isang proseso, sa oras na mahipo natin ang bagay na ito, hindi natin nahihipo ang isang damdamin bagkus ang isang katunayan; ang katunayang ito ay yaong ang lahat ng bagay ay nakadepende sa awa ng Diyos.

D. "Magsilapit nga tayo na may kalakasang-loob sa trono ng biyaya upang tayo ay makatanggap ng awa at makasumpong ng biyaya sa napapanahong tulong"—Heb. 4:16; cf. b. 15; Luc. 15:20-24.

E. Sa Kanyang pagkasoberano ang Diyos Ama ay naawa sa atin; samakatuwid, dapat natin purihin at sambahin Siya sa Kanyang soberanong awa:

1. "Tinatamasa Iyong awa, / Laging bago't sariwa; / Gaya'y hamog sa pagdating, / Bawat umaga sa 'min. / Purihin ka sa Iyong awa, / Nakapananariwa!—*Mga Himno,* #26, saknong 5.

2. "Awa't b'yaya Mo aming nakamtan / At pag-ibig; / Sa Iyong awa kami'y kaharap Mo, / Nanatili; / Para sa Iyo kami'y nagsisamba/ Sa walang katapusan Mong awa"—*Mga Himno,* #25, saknong 3.

F. Tayo ay nilikha upang maging mga sisidlan ng awa sa ikapupuri upang masidlan ni Kristo bilang ang Diyos ng kapurihan (2 Tim. 2:20-21; Roma 9:21) nang sa gayon maparangalan natin ang Diyos at ang mga tao (Huk. 9:9):
   1. Ang pagiging mga sisidlan sa ikapupuri ay hindi resulta ng ating pagpili; ito ay nagmula sa pagkasoberano ng Diyos—Roma 9:21.
   2. Ang mga mananampalataya ay mga sisidlan sa ikapupuri na kalakip si Kristo bilang kanilang kayamanan sa pamamagitan ng pagkasilang na muli—2 Cor. 4:6-7.
   3. Ang mga mananampalataya ay mga sisidlan sa ikapupuri sa pamamagitan ng kanilang paglilinis sa kanilang mga sarili mula sa mga sisidlan sa ikahihiya—2 Tim. 2:20-21.
   4. Ang mga sisidlan sa ikapupuri ay yaong mga nagbibigay ng karangalan sa Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay at paglakad sa pamamagitan ng Espiritu (Gal. 5:16, 25) at yaong nagbibigay karangalan sa mga tao sa pamamagitan ng paghahain ng Espiritu sa kanila (2 Cor. 3:6, 8).

G. Tayo ay nilikha upang maging mga sisidlan ng awa tungo sa kaluwalhatian upang masidlan ni Kristo bilang ang Diyos ng kaluwalhatian:
   1. Ang kaluwalhatian ay ang Diyos Mismo na naihayag at naipakita—Jer. 2:11; Gawa 7:2; Efe. 1:17; 1 Cor. 2:8; 1 Ped. 4:14; Col. 2:9; Awit 24:7-10.
   2. Nagawang sabihin ng Panginoon sa Ama, "Niluwalhati Kita sa lupa, ginanap Ko ng gawain na ipinagawa Mo sa Akin" (Juan 17:4); ito ay nangangahulugan na habang nabubuhay ang Panginoon sa lupa, Kanyang ipinakita at inihayag ang Ama.
   3. Ang pagpapalaya ng kaluwalhatian ng pagkadibino ni Kristo (Luc. 12:49-50) ay ang Kanyang pagiging naluwalhati ng Ama kalakip ang dibinong kaluwalhatian (Juan 12:23-24) sa Kanyang pagkabuhay na muli (Gawa 3:13) sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan; sa pagluluwalhati ni Kristo Siya, bilang ang huling Adam, ay naging ang Espiritung nagbibigay-buhay para sa Kanyang dibinong pamamahagi (Juan 7:39; Luc. 24:6, 46; 1 Cor. 15:45b; 2 Cor. 3:6).
   4. Bilang mga sisidlan ng awa sa ikapupuri at kaluwalhatian, tayo ay inihanda ng Diyos tungo sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng pagluluwalhati—ang huling hakbang sa ganap na pagliligtas ng Diyos—Roma 8:21, 23, 29-30; Fil. 3:21.
   5. Ayon sa Kanyang soberanong awtoridad, tayo ay nilikha, binuo, at ginawa ng Diyos para sa Kanyang kaluwalhatian—Isa. 43:7; Roma 9:23:
      a. Tayo ay itinalaga noong una pa sa pamamagitan ng Kanyang pagkasoberano upang maging ang Kanyang mga lalagyan para sa Kanyang maluwalhating kahayagan at pagpapakita.
      b. Ito ang rurok ng ating pagiging kagamit-gamit sa Diyos—ang gol ng pagpili ng Diyos ayon sa Kanyang pagkasoberano—bb. 11, 18.
      c. Ang pagluluwalhati ng Diyos ay ang layunin ng ating paglilingkod—7:6; 11:36.
      d. Ang pinakamataas na paglilingkod na maibibigay natin sa Diyos ay ang ihayag Siya para sa Kanyang kaluwalhatian—1 Cor. 6:20; 10:31; Roma 6:4.

e. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay naisagawa tungo sa ekklesia, at Siya ay naihayag sa ekklesia; kaya, sa Diyos ay ang kaluwalhatian sa ekklesia; yaon ay, ang Diyos ay naluwalhati sa ekklesia—Efe. 3:16, 20-21.

6. Taglay natin ang kayamanang ito, si Kristo bilang ang Diyos ng kaluwalhatian, na nananahan sa loob natin, na mga sisidlang lupa (2 Cor. 4:7); ang "kayamanang ito" (b. 7) na nananahan sa atin ay "ang mukha ni Hesu-Kristo" (b. 6), ang presensiya ni Kristo, "ang persona ni Kristo" (2:10).
7. Kapag ibinaling natin ang ating puso sa Panginoon, minamasdan natin ang Panginoong Espiritu bilang presensiya ni Kristo sa ating espiritu, at tayo ay "natatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu"—3:16-18; cf. 2 Tim. 4:22.
8. Ang masdan ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ang makita natin mismo ang Panginoon; ang aninagin ang kaluwalhatian ng Panginoon ay ang sanhiin ang iba na makita Siya sa pamamagitan natin—Isa. 60:1, 5.

*© 2020 Living Stream Ministry*